
Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata



# Ang Propeta ng Apoy

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Lazarus; Alastair Paterson


Ibinagay ni: E. Frischbutter

Isinalin ni: IGEN-PCCC


Inilimbag at ipinamamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2025 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring
makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Masama ang lahat sa Israel. Si Haring Ahab at Reyna Jezebel ay galit sa Diyos. Ang samang halimbawa!



Ngunit may iilan pang tapat na sumasamba sa Diyos. Isang araw, ang Diyos ay nagsalita sa isa sa kanila.



Siya ay si Elias.

Ang pahayag ni Elias sa makasalanang hari na si Ahab, “Habang ang Diyos ng Israel ay buhay, ...



... walang hamog o ulan sa mga taon na darating, maliban kung sasabihin ko." Ang ibig sabihin ay may gutom!



Ayaw na ng Diyos na ang mga Israelita ay magpatuloy sa kanilang masasamang gawain.






Matapos balaan ng Diyos ang hari,
pinadala si Elias sa isang bukid.



Sa tabi ng batis, naghintay si Elias. Nagpadala ang Diyos ng mga uwak upang pakainin siya.




May dala na mga tinapay at ulam, sa agahan at hapunan.  At siya ay nakainum ng tubig sa batis.




Hindi nagtagal ang batis ay natuyo.

Ang
Salita



ng Diyos ay totoo-ang buong bansa ay kinapos ng tubig. Ang mga tanim ay hindi na tumubo.



Ang mga tao ay nagutom.
Paano kaya si Elias na ngayon
ay wala ng tubig sa batis.



Nang makarating siya sa Sarepta, angbalo ay nasa pintuan ng lungsod na kumukuha ng mga patpat para panggatong.



"Bumangon ka
Elias at pumunta
sa Sarepta,
at manatili ka
roon. Tignan mo
at may inutusan
akong isang
balong babae na
pakainin ka."

"Pakiusap na dalhan mo ako ng kaunting tubig," hingi ni Elias sa balong babae. "Pakidala mo ako ng kapirasong tinapay."




Ngunit ang sagot ng babae, “Wala akong tinapay.“ “Isang dakot na harina at kaunting langis sa banga.“




Nalungkot ang babae nang sabihin niya sa propeta na kapag naubos na ito, siya at ang kanyang anak ay mamamatay sa gutom.




"Huwag kang matakot. Bigyan mo ako ng isang tinapay, at pagkatapos maghanda ka rin para sa iyo at iyong anak," sabi ni Elias.




“Ang harina ay hindi mauubos, pati na rin ang langis, hanggang sa araw na ang Diyos ay magpapaulan sa buong mundo.” Ang Diyos ay gagawa ng himala.




At ito ay natupad! Ang balong babae at ang kanyang anak ay kumain ng tinapay ng maraming araw. Ang gusi ay hindi nawalan ng harina, at ang langis sa banga ay hindi rin naubos.



Isang araw, nakalulungkot na ang anak na lalaki ay namatay. Kinuha ni Elias ang bangkay ng bata at dinala ito sa silid tulugan.




Paiyak na sinabi ni Elias sa Diyos,
“Panginoon ko, ako’y sumasamo,



ibalik mo ang
kaluluwa ng
batang ito.“

Napakaimposibleng panalangin ito!



Narinig ng Diyos ang tinig ni Elias at bumalik ang kaluluwa ng bata sa kanya, at nabuhay siyang muli.




Nang dinala ni Elias ang bata at binigay sa kanyang ina, siya'y nagsabi, "Ngayon alam ko na ang mga salita na lumalabas sa iyong bibig ay katotohanan."



Pagkatapos ng 3 taon, nais muli ipadala ng Diyos si Elias sa hari upang sabihin, “Ang Diyos ay magpapaulan muli.“



Pumunta kay Ahab? Ngunit si Jezebel ay nagbilin patayin ang napakaraming mga propeta!




Ngunit si Elias ay hindi nagpatalo.
Pumunta pa rin siya kay Ahab.




Nang nagtagpo ang dalawa, hinamon ni Elias si Ahab na itipon ang Israel, kasama ang 850 na mga maling propeta.




Sa Bundok ng Karmel, si Elias ay nagsalita sa mga tao, "Kung ang Panginoon ay Diyos, Siya'y dapat sundin."




May dalawang baka na inihanda si Elias para sa handog na susunugin. Ngunit walang apoy na mag-uumpisa sa sunog.



“Tumawag kayo sa inyong mga diyos diyosan, at ako ay tatawag sa Pangalan ng Panginoon,” sabi niya. “At ang magbibigay ng apoy, ay ang tunay na Diyos.”



Simula umaga hanggang gabi, ang mga maling propeta ay nagsitawag sa kanilang diyos. Tumalon, sumayaw at hiniwa ang kanilang mga sariling katawan hanggang sila ay nagdugo. Ngunit walang apoy na dumating upang sunugin ang hinain.





Binuhusan ni Elias ang mga kahoy at ang handog ng maraming tubig at siya'y nanalangin, ...



… "O, Panginoon, pakinggan Ninyo ako, upang malaman ng mga tao na Kayo ang tunay na Panginoong Diyos…" Ang apoy ay nalaglag.



Sinunog nito ang handog na baka at mga kahoy. Nasunog din ang batong dambana.

Nang makita ito ng bayan, sila ay sumigaw, “Ang Panginoon, Siya ang Diyos!”




Sinabi naman ni Elias, "Hulihin niyo ang mga maling propeta. Walang kahit isa sa kanila ang dapat
makatakas!"

Sinabi ni Elias kay Ahab na darating na ang ulan. Maya maya'y may maliit na ulap na lumitaw sa langit.



Uulan kaya?
Pagkatapos ng
tatlong taon ng
pagkatuyo?





Dumilim
ang langit at
nagkaroon ng
malakas na ulan.
Ang Diyos ay
nagpadala nga
ng ulan.



Pinakita ng Diyos sa mga tao na si Elias ay nagsasabi ng totoo. Ang Diyos lamang ang tunay na Diyos.



Sa tingin niyo ba ay binigyan ni Ahab ng karangalan ang Diyos at si Elias? Hindi! Sinikap ni Jezebel na patayin si Elias, ngunit siya ay nakakatakas.



Namatay si Ahab sa digmaan, at si Jezebel ay tinulak ng kanyang mga lingkod mula sa mataas na pader ng palasyo. Siya'y bumagsak sa mga bato at namatay.



Anong nangyari kay Elias? Isang araw, nagpadala ang...



… Panginoon ng karong apoy at mga kabayong may apoy.



Si Elias,
alagad ng
Diyos na umaapoy,
ay pumunta sa langit
sa pamamagitan
ng buhawi.

# Ang Propeta ng Apoy

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

1 Mga Hari 17-19; 2 Mga Hari 2

“Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag.” Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16